MUNICIPALITY OF BALIWAG
ARO18001932

LALAWIGAN NG BULACAN
Pamahalaang Bayan ng Baliwag

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

MEMORANDUM SIRCULAR BLG. 010 S. 2018

PARA SA : MGA KAPITAN AT KAWANI NG BARANGAY

MULA SA : TANGGAPAN NG PAMBAYANG TAGAPANGASIWA

PAKSA : PAGHAHANDA PARA SA GALING-POOK AWARDS

PETSA` : IKA-06 NG HULYO 2018

Kaisa ng mithiin na paghahandog ng Serbisyong may Malasakit, ang Pamahalaaang Bayan ng Baliwag ay pinalad na maging kalahok sa "Galing-Pook Awards". Ang Galing-Pook Awards ay isang prestihiyosong patimpalak para sa pagkilala sa mga inobasyon at katangi-tanging programa tungo sa pagbabago at kahusayan sa lokal na pamamahala.

Kaugnay nito, ang lahat ng mga barangay ay inaatasan na magsagawa ng paghahanda para sa nalalapit na pagbisita ng mga komisyoner ng Galing-Pook Awards na gaganapin sa ika-12 ng Hulyo (Huwebes), 2018. Inaasahan ang pagsasagawa ng mga malawakang paglilinis sa mga sumusunod:

- *mga daluyang ilog*
- *mga irigasyong kanal*
- *bakanteng lote na pinagtatapunan ng basura*
- *mga kanal*
- *mga highway*

Nawa ay maging katuwang ang lahat para sa pagkamit ng iisang mithiin. Para sa inyong pakikiisa.

Sa ngalan ng Serbisyong may Malasakit,

ENRIQUE V. TAGLE
Pambayang Tagapangasiwa

DUGONG BALIWAG PUSONG BALIWAG
Serbisyong May Malasakit